

Polyeto ng mga Piling Rituwal Oslobanon: Sistema at Terminolohiya

MARK ARNOLD L. LANGAHID

ABSTRACT

Ang polyetong ito ay naglalahad ng mga piling rituwal ng Oslobanon na sumasalamin sa pagkakakilanlan ng kultura ng Oslob, Cebu. Layunin nito na mailahad ang sumusunod na mga sistema at mga terminolohiyang ginamit sa mga piling rituwal Oslobanon. Nabuo ang polyetong ito sa tulong ng pakikipanayam sa mga nakatatandang kalahok at tagapagsalaysay na mga Oslobanon gamit ang *Content Analysis* na metodo. Mula sa mga datos na nakuha at sa masusing pag-aanalisa, nabuo ang

MARK ARNOLD L. LANGAHID is a faculty at the Sacred Heart School-Ateneo de Cebu. He finished his Master of Arts in Filipino Literature at Cebu Normal University in 2021.

isang balangkas ng mga sistema at natukoy ang mga natatanging terminolohiyang ginamit sa mga piling rituwal Oslobanon. Inilahad rin sa polyeto ang sistema ng mga rituwal gaya ng paghahanda, araw ng pagsasagawa ng rituwal, at sa pagpapatuloy ng mga hakbangin pagkatapos magawa ang rituwal. Ipinaliwanag din ang mga natatanging terminolohiya at mga kahulugan ayon sa pagkakagamit nito sa mga piling rituwal Oslobanon.

KEYWORDS

polyeto, piling rituwal Oslobanon, sistema, terminolohiya

INTRODUKSYON

Ang Lungsod ng Oslob ay kilala sa magagandang atraksyon tulad ng butanding at ang talon ng Tumalog. Matatagpuan ang lungsod na ito sa bahaging timog ng probinsiya ng Cebu na binibisita ng mga turistang lokal at internasyonal. Naging kuta ng Espanyol ang lungsod sa panahon ng pananakop ng mga ito patunay ang ilang mga makasaysayang estruktura gaya ng mga lumang kuwartel. Bukod sa magagandang tanawin, kilala rin ang Oslob sa mga makulay na tradisyon, paniniwala, at kultura na naging dahilan sa pagiging katangi-tangi nito. Maraming paniniwala, kaugalian at tradisyon ang lungsod na ipinagmamalaki ng mga Oslobanon na naging bahagi ng pagkakakilanlan ng lugar lalo na sa mga pagpapahalaga ng iba't ibang rituwal at pagdiriwang. Karamihan sa mga

rituwal at pagdiriwang na ito ay sumasalamin sa pagkakaisa ng mga Oslobanon na naging pamana mula noon hanggang sa kasalukuyan. Sa patuloy na pag-unlad ng turismo at pamumuhay ng mga Oslobanon ay unti-unti ring nawawala ang mga rituwal na ito at naimpluwensyahan na ito ng mga makabago at kanluraning pamamaraan. Kaya nabuo ang polyetong ito upang balikan, pahalagahan, ipreserba, at pagyamanin pa ang mga rituwal na ito.

Mahalagang pag-aralan, pahalagahan, at pagyamanin ang mga rituwal at pagdiriwang na ito sapagkat bahagi ito ng kultura at nabibigay-pagkakakilanlan ng nasabing lungsod. Ang pagpreserba at pagmamahal sa kultura ay narapat na patatagin upang mapanatili ang tatak ng pagiging isang Pilipino. Ang pagpapahalaga sa mga rituwal at kulturang ito ay pinoprotektahan ng Batas Republika blg. 10066 na tinatawag na *National Cultural Act of 2009*. Isinasaad sa batas na ito na sinusupportahan ng pamahalaan ang pagpapahalaga, pagpapalinang, at pagbabago ng kulturang Pilipino na sumasalamin sa pagkakaisa, pagkamalikhain, at pagpapahayag ng pangkaisipang ekspresyon.

Iba-iba ang mga rituwal ayon sa kinabibilangang komunidad at tribo ng bansa. May mga rituwal na makikita pa rin sa kasalukuyan sa lalawigan ng Cebu na may kinalaman ang kasaysayan at kultura.¹ Naapektuhan ang kultura sa anomang pangyayari sa kasaysayan.

“Many of our customs and traditions have pre-colonial roots albeit transformed during the process of Christianization into procedures compatible with Roman Catholic faiths and beliefs.”²

Inilalahad ng polyetong ito ang mga piling rituwal sa mga pagdiriwang ng Oslobanon na sumasalamin sa pagkakakilanlan ng lungsod. Kasama rin ang *sistema*, at mga *terminolohiyang* ginamit sa rituwal. Sa pamamagitan ng polyeto, makatutulong ito sa lokal na pamahalaan upang makagawa ng iba't ibang hakbangin o proyekto sa pagpapayaman at pagpapahalaga ng mga rituwal at pagdiriwang. Makatutulong din ito sa iba pang mananaliksik na pag-aralan pa ang mga nakatagong kulturang Cebuano na makapagbibigay-karangalan at pang-unawa sa sariling pagkakilanlan.

Binigyang-diin sa polyeto ang mahahalagang pagdiriwang gaya ng *Balanse, Ugbok sa Balay, Pustaanay sa Bata, Tigpamugas at Tigpamupo, at Panagbo at Pamukad* upang maipreserba at mapahalagahan ang kulturang Oslobanon.

PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Nabuo ang polyeto sa pamamagitan ng kwalitatibong metodo sa paraang *Content Analysis*, isang paraan ng pagkalap o pagsuri ng datos sa tulong ng panayam o interbyu. "*Content analysis is indigenous to communication research... It seeks to analyze data within a specific context in view of the meanings someone- a group or a culture- attributes to them. Communications, messages, and symbols differ from observable events, things, properties, or people in that they inform about something other than themselves; they reveal some properties of their distant producers or carriers, and they have cognitive consequences for their senders, receivers, and the institutions in which their exchange is embedded.*"³

Sa pamamagitan ng metodong ito ay naipaliliwanag nang maayos at detalyado ang mga kinakailangang impormasyon na nakuha mula sa pakikipanayam sa mga kalahok. Sinusuri ang pagkakagamit ng mga salita ayon sa konteksto ng lugar, kalahok, paniniwala, kultura, lipunan at marami pang iba.

Masusing pinili ng mananaliksik ang mga tagapagsalaysay ayon sa edad na may 60 taong gulang pataas mula sa pitong barangay na kinabibilangan nila. Ang mga barangay na ito ay: Alo, Luka, Tan-awan, Hagdan, Bangcogon, Tumalog, at Calumpang. Ang pagpili ng mga barangay ay nakabatay sa distansya o layo ng mga lugar. Bawat tagapagsalaysay sa kanilang barangay ay hiningan ng mga impormasyon tungkol sa bawat pagdiriwang.

Bilang kabuoan, nagkaroon ng pitong tagapagsalaysay mula sa pitong barangay ng Oslob na nakapagbigay ng mga impormasyon tungkol sa sampung mahahalagang pagdiriwang.

SISTEMA NG MGA PILING RITUWAL OSLOBANON

Ang mga rituwal ng Oslobanon ay mayroong sariling kasaysayan, paniniwala, sistema, at epekto sa pamumuhay na naging bahagi ng pang-araw-araw na pamumuhay. Inilalahad sa polyeto ang mga rituwal sa *Balanse*, *Ugbok sa Balay*, *Pustaanay sa Bata*, *Pamugas ug Pamupo*, at *Panagbo ug Pamukad*. Ang paglalahad ng sistema ng mga piling rituwal ay pinapapalooban ng paghahanda, araw sa pagsasagawa ng rituwal, at pagpapatuloy sa mga hakbangin pagkatapos ng pagsasagawa ng rituwal.

Balanse

Ang kaugaliang ito ay may kaugnayan sa pampinansyal na aspekto sa pamumuhay ng mga Oslobanon. Ito ay isa sa mga pinagkukunan ng kabuhayan ng mga Oslobanon. Ito ay ginagawa upang makamit at makuha ang mga gusto at pangangailangan ng isang tao.

“... ‘livelihood’ was central and pointed to the fact that in order to live, people need a material base to satisfy their needs and wants.”²⁴

Nakatutulong ang mga hanapbuhay na ito sa aspektong pampinansyal, at pagtatamo ng pang-araw-araw na pagkain.

Ang *balanse* ay isa sa mga ipinagmamalaking kaugalian na binuo ng mga nakatatandang Oslobanon. Nabuo ang kaugalian at pagdiriwang na ito dahil sa *tubâ*, ang inuming mula sa puno ng niyog. Mayroong tatlong pakinabang ang *tubâ* sa pamumuhay ng mga Oslobanon tulad ng (1) ang bagong *tubâ* na matamis-tamis pa bilang inumin, (2) ang *tubâng* umaabot ng tatlong araw o apat na araw na maasim-asim na at tinatawag itong *bahalina* na masarap haluan ng *softdrinks*, at (3) ang gagawing suka.

Pananggot. Ang *pananggot* ay ang proseso ng pagkolekta ng tuba mula sa puno ng niyog na tinatawag na *salanggutan*. Sa pagkuha ng tuba, pinipili ng *manalanggot* ang bagong sibol ng *bulok*. Ang *bulok* na ito ay hihiwain o *ina-abis* upang tumulo ang katas nito. Ikinakabit ang *sanggab* nito na may *tongog* sa loob na siyang sasalo sa mga pumapatak

na tulo ng tuba. Upang makokolekta ng maraming tuba, maraming puno ng niyog ang kakailanganin upang maging salanggutan. Kinabukasan, bibisitahin muli ang sanggab at ang nakolektang tuba pagkatapos ay iniipon ito sa *Sugong*. Hinihiwa muli ang bulok at kinakabitan ng bagong sanggab para sa bagong makokolekta pang tubâ.

Bùbù. Ang mga nalikom na tuba mula sa iba't ibang *salanggutan* ay dadalhin sa *tubaan*. Dinadala ang tuba sa tubaan kung gusto ng manalanggot na ibenta ang mga nalikom na tubâ kung hindi naman gustong ipagbenta, maaari itong itago para sa pansariling konsumo. Pagdating sa tubaan, sinusukat ang dami ng tuba sa pamamagitan ng isang *bol*. Ang *bol* ay isang lalagyan na garapon na ang sukat nito ay mas marami pa sa litro. Pagkatapos sukatin ang dami ng tuba sa bol ay iniipon ito sa isang lalagyan na tinatawag na *takalan*. Dito iniipon ang lahat ng tuba mula sa iba't ibang manalanggot. Ang buong prosesong ito ay tinatawag na *bùbù*. Ang bilang ng *bùbù* ng bawat manalanggot ay nakadepende sa bilang ng salanggutan. Mas maraming *bùbù* kapag maraming salanggutan.

Ang *tubaan* ay mayroong tinatawag na *mag-alatang*. Ang mag-alatang ay ang nangangasiwa sa pagkokolekta ng *bùbù* at pagbebenta ng tuba na karamihan ay mga kapamilya ng manalanggot. Inililista ng mag-alatang ang bilang ng bol ng tuba sa bawat manalanggot. Ibinebenta ang tubâ sa mga kostumer o parokyano gamit ang bol. Ang presyo ng bol noon at sa kasalukuyan ay magkaiba. Malaki na ang pagbabago ng presyo ng bol sa paglipas ng panahon. Noon ay sampóng piso ang bol ngunit kalaunan ay naging labing-anim na piso na.

Minsan, umaabot ng 30 hanggang 50 bol ng tuba ang nalilikom sa isang araw. Mabenta ang tuba sa mga panahong mayroong mga pagdiriwang na nagaganap at tuwing tag-init sapagkat nakakauhaw ang panahon. Matumal naman ang benta kapag walang mga pagdiriwang at tuwing taglamig. Dito papasok ang konseptong *sukli*. Ang sukli ay ang pagsasauli ng mga natirang tuba sa mga manalanggot na may maraming bùbù. Isinasauli ito kinabukasan. Ayon sa tagapagsalaysay, mayroong ibang mag-alatang na madiskarte sa pagbebenta. Ang iba ay nagpapalaro ng *kangga* at *shooting* ng basketbol. Kung sino ang matatalo, manlilibre ng tubâ kaya mauubos talaga ang tuba.

Kailangang maubos ang tuba na naipon sa araw na iyon dahil kinabukasan, may bagong tuba na naman. Maaaring namang utangin ang tuba ngunit kailangan itong bayaran kapag darating na ang balanse. Ang pag-ubos ng tuba ay nangangahulugang may pera ang tubaan at may pera rin ang mga manalanggot.

Balanse. Ang *balanse* ay ang araw na makukuha ng mga manalanggot ang perang katumbas sa bùbù araw-araw. Nagkakaroon ng apat na *balanse* sa isang taon ang tubaan. Sa tatlong buwang pagbùbù ng manalanggot, bibilangin ng bawat mag-alatang ang kabuoan ng bùbù. Ang bawat bol ng bùbù ay tutumbasan ng halagang perang kinita mula sa pagbebenta ng tuba.

Ang mga umutang ng tuba ay binibigyan ng *resibo* ng utang ng bawat mag-alatang na nagpautang. Kapag ang taong ito ay umutang mula sa iba't ibang mag-alatang, makatatanggap siya ng maraming resibo. Kailangang bayaran ang utang sa araw ng Balanse upang mayroong

maibigay sa mga manalanggot. Kapag mayroong hindi nakabayad sa araw na iyon, ang mag-alatang ang sasagot sa bayad ng manalanggot.

Ang mga mag-alatang ay mayroon ding karapatan na kumuha ng sampong porsyento (10%) sa kita ng mga búbù ng ibang manalanggot. Ito ay nagsisilbing bayad sa kanilang serbisyo at sa pangangasiwa sa tubaan araw-araw.

Masaya ang araw ng balanse sapagkat ito ang selebrasyon na kumukubra ang mga manalanggot sa kanilang kita. Ang pagdiriwang ito ay sinasabayan din ng ilang mga tindahan. Ang maliliit na mga *sari-sari store* ay namimigay rin ng mga resibo ng utang. Dahil kumukubra ang karamihan sa kinita ng tuba, mababayaran din ang mga utang mula sa tindahan. Makikita na maraming paninda sa paligid at minsan ay mayroong sabong na magaganap. Nagkakaroon ng kasiyahan ang lahat hanggang umaabot ito sa inuman, sayawan, kantahan at marami pang iba.

Ugbok sa Balay

Ang bahay ay isa sa mga pangunahing pangangailangan ng tao sa mundo. Ang bagong kasal ay kailangang bumukod mula sa mga magulang at kinakailangan ang bahay para sa kanilang bagong pagsasama. Ito ang magiging pundasyon ng pamilya na kanilang bubuoin.

Ang *pag-ugbok sa balay* o paglagay ng pundasyon sa bahay ay isang kaugalian na sinusunod ng mga Oslobanon mula pa sa mga ninuno na kinapapalooban ng maraming paniniwala.

Ang Pagbuo ng Alayon. Ang makalumang paggawa ng bahay ng mga Oslobanon ay nagsisimula sa pagbuo ng *alayon*. Ito ay isang samahan ng mga magkakaibigan o magkakapitbahay na gustong magtulungan nang walang bayad. Tinutulungan ng mga kapitbahay o kaibigan ang isang miyembro sa paggawa ng bahay. Kapag ang isang miyembro naman ang nangangailangan ng tulong, kusang tumutulong ang iba dahil tinulungan ito sa mga panahong nangangailangan ng tulong.

Ang konsepto ng *alayon* ay isang representasyon ng pagkakaisa ng mga Oslobanon. Bilang mga Oslobanon, malakas ang pakikipag-ugnayan at malapit sa isa't isa ang mga Oslobanon. Nagkakaroon ng koneksyon at relasyon ang bawat isa at nabubuo ang mga makabuluhang pakikipagkapwa-tao. Hindi maipagkakaila na ang pakikisama at pakikipagkapuwa-tao ay isang katangian ng mga Pilipino lalo na ng mga Oslobanon.

“Pakikisama refers to an interpersonal relationship where people are friendly with each other. To be with someone and to get along with each other indicates basic human friendliness and affinity.”⁵

Bagama't maganda ang kaugaliang ito ngunit sa kasalukuyan ay hindi na ito sinusunod dahil tumatanggap na ng suhol ang mga karpentero. Sa makabagong panahon ay hindi na madali ang paggawa ng bahay kompara noon na maliliit lamang ang mga bahay kaya hindi na rin nauuso ang Alayon sa kasalukuyan. Hindi naipagkakaila na ang panahon ay nagbabago at sa pagbabago ng panahon ay sumusunod din ang mga kaugalian at paniniwala.

Araw ng Ugbok. Ang araw na ito ang pinakamahalaga sa paggawa ng bahay. Dito inilalagay ang unang haligi ng bahay ngunit sa paglagay nito, maraming palihi ang sinusunod ng mga may gulang upang magkaroon ng mapayapang pagsasama at magandang samahan ang titira sa bahay.

Ang mga sumusunod ay ang mga palihi na inilalagay sa ilalim ng hukay bago i-*ugbok* ang unang haligi ng bahay at mga kahulugan nito. Una, nilalagyan ng barya o pera na nangangahulugan na hindi mauubusan ng pera ang mag-asawang titira, na mayroong pambili ng mga gamit at makakain sa bahay. Ikalawa, ang paglalagay ng dahon ng *Pitugo* na binenditahan ng banal na tubig sa Linggo ng Palaspas na nangangahulugan sa paniniwala ng Romano Katoliko ang pagbabasbas ng banal na tubig sa bahay. Ikatlo, ang paglalagay ng *dalo-dalo* sa tubig at ang *habol-habol* sa dagat na pinaniniwalaan na ang mga bagay na ito ay malamig. Nangangahulugan itong ilalayo sa kapahamakan tulad ng sunog ang bahay dahil sa katangian ng mga bagay na malamig. Ikaapat, ang paglalagay ng *lugas* o piraso ng mais na nangangahulugang hindi mauubusan ng pagkain ang tirahan. Ayon sa tagapagsalaysay, ilan lamang ito sa mga halimbawa ng mga palihi na inilalagay sa *ugbok* ng bahay na ang tanging hangad ay magkaroon ng kapayapaan at katiwasayan sa tahanan. Pagkatapos ilagay ang palihi, ipinupwesto na ang unang haligi at sinisimulan na ang pagbuo ng buong bahay. Inuuna ang paglagay ng lahat ng mga haligi ng bahay. Karamihan sa mga sinaunang bahay ay gumagamit ng mga *sinibit* bilang bubong. Gumagamit naman ng mga *palapad* ang iba bilang dingding ng bahay at ang paggamit ng *salog* na kawayan bilang sahig.

Simple lamang ang paggawa ng bahay noon kompara sa kasalukuyan. Sinusunod pa naman sa kasalukuyan ang mga palihi sa paglalagay sa unang haligi ngunit makabago na ang bubong, dingding, at sahig ng mga itinatayo ngayon.

Pagtapon. Kapag natapos na ang bahay, isinusunod ang *pagtapon* o paglipat. Ang paglipat sa bahay ay isang mahalagang kaugalian at maraming sinusunod na mga palihi sa paglipat. Una, ang paglipat sa bagong bahay kapag *daktol* at pagpili ng *petsa na pares* sa kalendaryong Gregoryan o ang kalendaryong ginagamit sa kasalukuyan ay sinusunod pa nila sa kanilang ninuno. Ikalawa, ang pagdala ng tubig na nangangahulugang ang tubig ay isa sa mga pangunahing pangangailangan ng tao. Ikatlo, ang pagdadala ng bigas na nagrerepresenta ng pagkain na pangunahing pangangailangan. Ikaapat, ang pagdadala ng gaas bilang kasangkapan sa paggawa ng ilaw na pangunahin pa ring pangangailangan. Sa mga panahong wala pang koryente, ang tanging pang-ilaw lamang ay ang lampara kaya nangangailangan ito ng gas. Ikalima, ang pagdadala ng asin bilang pangunahaing panimpla na pinaniniwalaang magiging maganda ang timpla ng pagsasama sa bahay. Ikaanim, ang pagluluto ng *biko* bilang isang pagkain na inihahanda sa pagdiriwang na pinaniniwalaang gaya ng biko na malagkit, maging malagkit at malapit sana ang pagsasama ng mga nakatira sa bahay. Ikapito, ang pagdarasal ng *Espiritu Santo* nang sunod-sunod sa loob ng pitong gabi upang gabayan ng Poong Maykapal ang tahanan at ang pagsasama ng mga taong nakatira. Bahagi ng rituwal na ito ang pag-uugnay ng paniniwalang supernatural at paniniwalang panrelihiyon.

“Catholic spirituality was the main source of symbols, rites, art, architecture, and language for interpreting local life. . .”⁶

Litaw na litaw ang impluwensiya ng Katolisismo sa mga pagdiriwang o rituwal na ito na naging bahagi ng kaugalian at kultura ng mga Oslobanon.

Ang lahat ng ito ay mga palihi na sinusunod ng mga Oslobanon sa paggawa ng bahay hanggang sa paglipat. Marami sa mga Oslobanon ang naniniwala nito. Sa makabagong panahon, binabasbasan ng pari ng banal na tubig ang bagong bahay at pagkatapos ay nagkakaroon ng maliit na pagdiriwang.

Pustaanay sa Bata

Nakasanayan na ng mga nakatatandang Oslobanon ang manghula ng kasarian ng magiging anak ng isang buntis. Sa panahong hindi pa uso ang *ultrasound* sa probinsiya, hindi pa nalalaman ang kasarian ng bata kaya idinadaan na lang ito sa mga palatandaan. Nabuo ang simpleng pagdiriwang na ito bilang isang panlibangan na sa kalaunan ay naging kaugalian. Ginagawa rin ito upang pahalagahan ang inaasahang pagsilang ng bagong sanggol at pagtanggap nito sa pamilya at komunidad. Malaki ang pagpapahalaga ng mga Pilipino sa kanilang sariling pamilya.

“This family orientation makes every member develop a feeling of belongingness and sense of safety and security.”⁷

Magmula sa pagkasilang ng sanggol at sa huling yugto ng buhay ng tao, makikita at mararamdaman ang pagpapahalaga ng tao sa sariling pamilya at sa komunidad/pamayanan.

Pagpapalano ng Pustaanay. Sinisimulan ito sa pagbuo ng dalawang pangkat na pumupusta sa kasarian ng batang ipinagbubuntis. Ang unang pangkat na naniniwalang ang kasarian ay lalaki at ang pangalawang pangkat na naniniwalang ang kasarian ay babae. Ipinapaalam naman sa inang nagbubuntis ang tungkol sa pagpupusta. Maraming palatandaan na pinagbabatayan sa paniniwala ng paghuhula ng kasarian. Isang palatandaan ay ang pagbabago sa hitsura ng ina, malamang babae ang magiging anak. At kung matulis ang tiyan, tiyak lalaki ang magiging anak.

Ang paniniwalang ito ang sinusunod ng mga nakatatanda noon at sa kasalukuyan ay mayroong pang naniniwala nito. Sa panghuhula ng kasarian ng bata, mayroong pusta na pinagdedesisyonan ng dalawang pangkat. Ang grupong matatalo ay magdadala ng putaheng pang ulam at kanin habang ang mananalo naman ay magdadala lang ng inumin sa araw na ipagdaraos ang pusta. Bawal ang paglipat ng miyembro sa ibang grupo sa kalagitnaan ng pagbubuntis ng ina.

Ang Buhi'g Pusta. Pagkatapos ng siyam na buwang paghihintay, malalaman na ang kasarian ng batang pinagpupustahan. Magaganap na ang *buhi'g pusta*, ito ang pagtupad ng pagpupusta sa bata. Sa puntong ito, alalamin na ng dalawang grupo ang panalo at talunan sa pustahan kaya pinagdedesisyonan na kung kailan magaganap ang pagdiriwang ng *buhi'g pusta*.

Sa araw ng pagdiriwang, tinutupad ng dalawang grupo ang napagkasunduang pusta. Samantala, ang mga magulang ng bata ay naghahanda rin ng kaunting salosalo para sa mga bisita. Ang dalawang grupo ay pinapagitnaan ng mga magulang ng bata. Ang mga miyembro ng panalo ay nasa kanan ng mga magulang at ang grupong talunan ay nasa kaliwa. Inihahanda sa rituwal na ito ang isang basong tuba at isang garapon na may bulaklak. Sinisimulan ang rituwal sa pagpasa ng bata mula sa ina papunta sa unang miyembro ng panalong grupo. Kakargahin ng miyembro ang bata at bibigkas ng kaunting talumpati o minimithi para sa bata. Pagkatapos ay iniinom ang baso ng tuba ng miyembro ngunit hindi ito inuubos. Ang natirang tuba ay ibinubuhos sa garapong may bulaklak sabay hulog ng barya bilang pag-aalay para sa bata. Ipapasa naman sa susunod na miyembro ang bata at gagawin ang pagbibigay ng minimithi o nais, pag-inom ng tuba na hindi inuubos, pagbuhos ng natirang tuba at pag-aalay ng barya sa may garapong may bulaklak hanggang matapos ang lahat ng miyembro. Nang makabalik na ang bata sa mga magulang iniinom nang direktso at walang hinto ng mga magulang ang mga naipong tuba sa isang garapong may bulaklak at barya. Unang pinaiinom ang ama at ang natira ay sa ina. Patuloy ang pag-iinom ng tuba hanggang makita ang barya sa ilalim ng garapon. Ang baryang nakolekta mula sa mga miyembro ay ipinambibili ng mga bagay bilang pag-aalay sa bata.

Bahagi ng kaugaliang ito ang pag-uugnay ng mga bagay sa paniniwala ng mga Oslobanon na tinatawag na *palih*. Isa na rito ang paggamit ng *bunglay* na nangangahulugang maging masipag at matiyaga ang bata sa anomang gagawin sa buhay. Ang pag-uugnay ng pagsindi ng kandila bilang

ilaw at gabay ng bata sa paglaki nito. Nagpapatunay ito na sa anomang pagdiriwang na ginagawa ay iniuugnay ito sa mga *palihi* na pinaniniwalaan.

Pagkatapos isagawa ang rituwal na ito, sinusunod na ang munting salosalo na inihanda ng pamilya. Inihahain din ang mga dinalang pusta ng dalawang grupo, ang kanin at pang-ulam at pati na rin ang inumin. Ipinagpatuloy ang kasiyahan na sinasaliwan ng sayawan, inuman, tugtugan at marami pang iba.

Pagpamugas Ug Pamupo

Isa sa mga paraan ng pangkabuhayan ng mga Oslobanon ang pagtatanim ng mais at mani. Ito ang isa sa mga pinagkukunan ng pang-araw-araw na pagkain ng mga Oslobanon. Sinasaklawan ng pagdiriwang na ito ang *pamugas* at *pamupo* o ang pagtatanim at pag-aani ng mais. Sa pagdiriwang na ito, maraming *palihi* ang pinaniniwalaan ng mga Oslobanon upang magkaroon ng magandang ani.

Paghahanda sa Pagpamugas. Upang magkaroon ng magandang ani sa pagtatanim ng mais at mani, inihahanda nang maayos ang mga *binhi* bago ito itinatanim. Bilang palihi, maraming inihahalo sa mga binhi ng mais at mani. Una, hinahaluan ito ng dahon ng suha na pinaniniwalaan ng mga nakatatanda na ang amoy ng dahon ng suha ay mabaho at hindi kinakain ng mga peste. Ikalawa, ang paghahalo ng dahon ng halamang *Tulog-tulog* na pinaniniwalaan na matutulog ang mga *Dangan* o peste para hindi makain ang mga binhi. Ikatlo, ang paghahalo ng dahon ng halamang *Alangitngit* na sinasabing hindi makain ang mga binhi

dahil madilim o *ngitngit*. Ikaapat, hinahalo rin ang dahon ng punong *Buta-buta* na pinaniniwalaan upang maging bulag ang mga *Dangan* at ang ikalima, ay ang paghahalo ng 1,2,3. Ito ay isang *pesticide* na inihahalo sa mga binhi para hindi makain ng mga peste. Ang lahat ng mga palihing ito ay tungkol sa pagpapahalaga at pagprotekta sa mga binhi. Para sa paghahanda ng mga binhi ng mani, hinahaluan ng mga pira pirasong *banig* at ang mga pirasong balyanan ng *Tagimtim* na pinaniniwalaan na magiging marami ang ani ng mani kagaya ng banig at mga *Tagimtim*.

Kung inihahanda ang mga binhi sa *pamugas* o pagtatanim, inihahanda rin ang lupang sinasakahan. Ito ay tinatawag na *baul*. Upang maging handa sa pagtatanim, ang baul ay kailangan araruhin upang mabungkal at malinang ang lupa. Ito ay tinatawag na *daro*. Ang makalumang daro ay gumagamit ng kahoy ngunit sa makabagong pamamaraan ginagamitan na ito ng *bargas* na gawa sa bakal. Pagkatapos ng dalawang araw ay handa na ang baul sa paggawa ng *tudling* para sa pagtatanim ng mga binhing inihahanda. Mayroong sekretong ibinulong ang tagapagsalaysay tungkol sa pagpamugas upang magkaroon ng magandang tubo at magandang ani ng mga mais. Ayon sa tagapagsalaysay:

*“Kapag darating ang takipsilim, ako ay papanaog na dahil pupugian ko ang bawat eskinita ng baul.
‘Yong namamahinga na ang mga manok at walang makakakita.”⁸*

Ang mga *palihing* ito ay sekreto lamang na hindi ipinapaalam sa iba. Ang mga gawaing ito ay nagpapakita na sa pagtatanim ay maraming mga palihi na pinaniniwalaan

ng mga Oslobanon. Ginagawa ito dahil ang tanging hangad ay magkaroon ng magandang ani.

Araw ng Pagpamugas. Sa loob ng isang taon, dalawang beses lamang ginagawa ang *pamugas*. Ang dalawang *pamugas* na ito ay tinatawag na *panu-ig* at *ulilang*. Ginagawa ang pagpamugas ng *panu-ig* sa mga buwan ng Mayo o Hunyo samantala ang *ulilang* naman ay sa buwan ng Oktubre o Nobyembre ng parehong taon. Ang *panu-ig* na kataga ay nagmula sa konsepto na “*Puno ang Kamalig*” ng mga mais kaya kadalasan, marami ang ani ng mga panahong ito. Ang *ulilang* na kataga naman ay mula sa konsepto na “*Uli lang*” o ibinalik lang kung ilan ang binhing itinanim, ganoon din lang ang aanihin na nangangahulugan na maliit lamang ang ani nito.

Sa pagsisimula ng pagpamugas o pagtatanim ng mga binhi, isang palihi ang sinusunod ng mga Oslobanon—ang pagtatanim kung ang tubig ng dagat ay mababa o *hunasan*. Magandang pagsisimula ng pagpamugas kung *hunasan*. Pinaniniwalaang gaya ng *hunasan*, sila’y maraming makukuhang *hunas*, at marami rin ang aanihing mais.

Ang mga binhi ay inilalagay sa isang sanggab at ikinakabit ito sa may baywang ng tao. Sinusunod ang linya ng *tudling* sa pagpamugas. Tigtatatlong binhi ang kadalasang itinanim na may isang hakbang ang layo nito sa isa’t isa.

Ang pagtatanim ng mani ay hindi isinasabay sa pagtatanim ng mais sapagkat itinanim ang mani sa

gitna ng mga bakanteng lupa ng tudling. Itinatanim ito pagkatapos ng isang linggo sa pagtanim ng mais at itinatanim pa rin ito kapag hunasan. Hindi lahat ng mga Oslobanon ay nagtatanim ng mani kompara sa pagtatanim ng mais.

Ang pagpugas sa tudling ay ginagawa lamang kapag ang baul ay nasa kapatagan ngunit kapag ang baul ay mabato at mahirap umakyat ang baka, mano-mano ang pagpugas gamit ang *bunglay* o ang *budlong*.

Pagtubo ng Mais at Paghihintay ng Pamupo. Ang bagong túbô ng mais ay nangangailangan ng masinsinang pag-aalaga. Sa pagtubo nalalaman ang tagumpay ng pagpamugas. Kahit tumutubo na ang mga mais ay mayroon pa ring mga palihi na sinusunod ang mga Oslobanon.

Sa bagong tubo na mga mais, ito rin ang pagsisimula ng pagtuka ng mga manok, ibon at *tikling* sa mga binhi sa pugas.

Mula sa pahayag na ito na gustong malaman ang solusyon ng pagtuka ng mga manok sa mga binhi ngunit naging sekreto ang mga palihi sa isa't isa. Ayon sa tagapagsalaysay na ang mga may-ari ng baul ay may kaniya-kaniyang palihi. Binanggit ng tagapagsalaysay ang solusyon na:

“Pumunta ako sa matandang kamag-anak ni Manang Aning sa bundok. Malapit na kaibigan ko. Nagtanong ako ‘Manang, ano ba ang palihi upang hindi tukain

ang pugas?’ ‘Napakadali Pong, hindi mo ba alam? Kumuha ka ng isang pugas mula sa iyong baul, itanim mo sa kanyang baul; kumuha ka rin ng pugas mula sa kanya, itanim mo sa iyo.’ Uy, ginawa ko. Wala na nga tinuka. Kung tutukain ang aking baul, tutukain din ‘yong sa kaniya kasi nandoon na ang aking pugas. At kung walang tutuka sa kanya, wala ring tutuka sa akin.’”

Ang palihing ito ay isa lamang sa mga palihing pinaniniwalaan ng mga magsasaka. Kapag ang mais ay tumutubo na at umaabot na ito sa tuhod hanggang baywang ng tao, karamihan sa mga mais ay natutumba dahil sa hangin. Ibinahagi ng tagapagsalaysay ang palihi upang hindi matumba ang mga mais kapag mayroong malakas na hangin. Ito ay ang *pag-ugbok* ng *Alawiswis* sa gitna ng baul tuwing dapithapon. Naniniwala ang mga magsasaka na kagaya ng isang *Alawiswis* kapag hinahangin ay hindi natutumba at tumatayo pa rin. Ang palihing ito iniuugnay sa mga bagay na may magkatulad na kaugalian.

Hinihintay ang tatlong buwan upang lumaki ang mga mais at makabuo ng puso. Ang mga puso ng mais ay may mga *buhok-buhok*. Kapag ang *Buhok-buhok* ay malalanta na, handa na ang mais para sa *sun-ad*. Kapag dilaw na ang unang balat ng *ubak*, handa na ang mais para sa *anagon*.

Araw ng Pamupo. Ang ibang nagmamay-ari ng malaking baul o sakahan ay nangangailangan ng maraming tao upang gawin ang *Pamupo*. Ito ang pag-aani ng mais.

Mayroong palatandaan ang mais kung handa na itong anihin. Ipinaliwanag ng tagapagsalaysay na kapag ang

puso ay yuyuko na sa katawan at matatanggal na ay puwede nang anihin ang mais. Isa rin sa mga palatandaang handa na ang mais anihin kapag karamihan sa mga dahon at puno ng mais ay dahan-dahan nang nalalanta. Ang makalumang pag-aani ang sinusunod pa sa kasalukuyan sa pagpamupo. Gumagamit ang mga magsasaka ng *alat* bilang lalagyan ng mga pusong mais. Mayroong ibang magsasaka na may palihi sa pag-aani ng mais. Ang ibang magsasaka ay sumusunod sa direksyon ng Silangan kapag umaani. Nangangahulugan itong hindi mauubusan ng pagkain dahil iniuugnay ito sa araw na palaging sumisikat at hindi lumulubog na kagaya sa Kanluran. Ang mga nagmamay-ari ng malalaking baul o sakan ay nagkakatatay ng mga baboy upang ipagdiwang ang pamupo ng mga mais. Sa buong araw na pagpamupo ay magkakaroon ng kasiyahan pagkatapos. Ang pagdiriwang na ito ay sinasaliwan ng mga musika, dahil sa karamihan ay pagod, pinapadalhan lamang sila ng mga *Malutu*. Isinasaad ng tagapagsalaysay na hindi na masyadong nagkakaroon ng pagdiriwang ang panahon sa pamupo sa kasalukuyan dahil tumatanggap na ng suhol ang iba.

Pamukad Ug Panagbo

Ang pagdiriwang na ito ay sumasaklaw sa paraan ng pangingisda ng mga Oslobanon. Ang pangingisda ng mga Oslobanon ay isa sa mga pang-araw-araw na pangkabuhayan na pinagkukunan ng pagkain at maging sa pinansyal na aspekto.

Paggawa ng Bubo/ Palan-an. Ang *bubo* o *palan-an* ay isang patibong na hawla na inilalagay sa dagat upang makahuli ng isda. Masinsinan ang paggawa nito

at maraming palihing sinusunod upang magkaroon ng maraming húling isda.

Sa makalumang paggawa ng *bubo o palan-an*, mayroon lamang dalawang materyales na kinakailangan upang makabuo nito—ang *sig-id* at ang *kawayan*. Ang *sig-id* ay isang uri ng baging na makukuha sa liblib na kagubatan o tinatawag na *walog*. Ginagamit ang *sig-id* bilang pantali sa paggawa ng *bubo*. Ibinababad ang *sig-id* sa tubig upang ito ay lumambot at matagal masira. Ang *kawayan* naman ay gagawing pabilog na patpat na ang tawag ay *nawi* upang makagawa ng parang isang hawla. Ang pagnanawi ng *kawayan* ay isang mahabang proseso at maraming sinusunod na mga palihi.

Ang mga sumusunod ay mga palihi na pinaniniwalaan ng mga Oslobanon sa paggawa ng *Bubo* at ang kahulugan nito. Una, kailangan gawin ito ayon sa pagtaas ng tubig sa dagat. Pinaniniwalaan itong marami ang magiging huli ng isda dahil mataas ang tubig ng dagat. Ikalawa, ipinagbabawal ang *pag-suwa* o pagtataboy ng manok habang gumagawa at dapat tahimik lamang sa kabuoan ng paggawa. Nangangahulugan itong itinataboy rin ang isda at baka walang mahuling isda. Ikatlo, sa paggawa ng *nawing kawayan*, huwag gawing palito o *toothpick* ang mga *Sinapsap*. Pinaniniwalaang magiging mabaho ang mga *sinapsap* at wala ng lalapit sa *bubo*. Ikatlo, tatapusin nang walang hinto at diretso ang paggawa ng *galaw* kahit ang iba ang namamahinga. Ang *galaw* ay ang bunganga o pasukan ng mga isda. Pinaniniwalaan na gawin ito nang walang hinto upang ang mga isda ay diretso rin ang pagpasok sa *bubo*.

Kapag natapos na ang paggawa ng bubo ay handa na itong *i-ariya* sa dagat. Ang sistemang ito ay mga *paniniwalang supernatural* ay na ipinasa pa ng mga ninuno na mahirap ipaliwanag ng agham o siyensya.

*'Incidents that elicit ravenous supernatural beliefs, however, feature inscrutable aspects that defy scientific explanations.'*¹⁰

Ito ay misteryo sa karamihan ngunit patuloy pa rin itong pinaniniwalaan sapagkat nananalig ang isang tribo o komunidad na magkakatotoo ang mga paniniwalang ito at mayroong dalang magandang epekto sa buhay ng tao.

Pag-ariya. Ang *pag-ariya* ay ang paglalagay ng mga bubo sa dagat sa tamang lugar nito. Ito ay nangangailangan ng mabuti at magaling na utak sa pagsasaulo kung saan inilalagay ang bubo sa dagat.

Dinadala ang mga bubo sa baybayin o tinatawag na *piliw*. Ang bawat bubo ay pinauusukan ng *kamangyan* na bilang pabango para sa mga isda. Isa-isang dinadala ang mga bubo sakay ng sakayan papuntang *lawud* ng dagat. Upang maalala ang lugar ng pinaghulugan ng bubo ay mayroong mga palatandaan na sinusunod- ang paggamit ng *tulungdon* at *hilawron*. Ihuhulog ang bubo sa tulong ng gabay ng tulungdon. Ang *tulungdon* ay tumutukoy sa mga gabay na makikita sa harapan na maaaring malaking puno, bahay at iba pa. Pagkatapos mahanap ang tulungdon, gagamitin naman ang gabay ng *hilawron*. Pagbabasehan ng hilawron ang mga gabay na katabi sa simbahan ng Oslob.

FIGURA 1: TULUNGDON AT HILAWRON



Kapag nakapili na ng palatandaan sa tulungdon at hilawron, inihahanda na ang bubo sa pag-ariya o paghulog nito. Maghihintay ng pitong araw o isang linggo para bisitahin muli ang bubo kung mayroon nang huli ito.

Pamukad. Ang salitang *pamukad* ay galing sa salitang *'bukad'* na ang ibig sabihin *'kuha'* kaya ang *pamukad* ay ang pagkuha sa mga nahuling isda. Pagkatapos ng isang linggo mula sa pag ariya ng mga bubo, binibisita ito upang tingnan kung ang mga bubo ay may *suhut*, ang tawag sa mga isdang nahuli sa bubo. Ang unang araw ng pamukad ay tinatawag na *patunga*. Mahalaga ang unang araw ng pamukad bilang parte sa palihi. Ang suhut na makukuha sa unang araw o patunga ay kailangang kainin ang karamihan. Maaaring gawing sinabawang isda o tinola, kinilaw, inihaw na isda at marami pang iba. Ito ay isang palihi para maging masagana at maraming suhut pa ang mga susunod na pamukad.

Sa tulong ng tulungdon at hilawron, maaalala ang lugar na pinaghulugan ng bubo. Lalagyan ng angkla ang bubo upang madala ito sa ibabaw ng sakayan at kukunin ang mga suhut. Kapag may sira sa anomang bahagi ng bubo ay kukumpunihin at aayusin kaagad ito. Ihuhulog na naman ito sa parehong lugar at hihintayin ang isa na namang linggo para bisitahin muli.

Panagbo. Ang *panagbo* ay ang pagsalubong ng mga tao sa mga taong *namukad*. Isa itong pagdiriwang na nangyayari sa baybayin habang hinihintay ang mga namukad. Kusa lamang ang pagdalo ng mga tao sa panagbo at ang tawag sa mga taong dumalo sa panagbo ay *nanagbo*. Maaaring magdala ng ambag na mga inumin o kanin ang mga nanagbo. Ipinapaalala ng tagapagsalalay na bawal magdala ng kahit anong ulam kapag nanagbo, tanging inumin at kanin lamang ang dadalhin. Ipinaliwanag ng tagapagsalaysay na naniniwala ang mga nakatatanda na ang mga suhut mula sa bubo ay sapat na para gawing ulam sa pagdiriwang. Pinaniniwalaan na ang pagdadala ng ulam ay kawalan ng tiwala sa magiging suhut ng bubo. Ang mga namukad ay dapat maging mapagbigay sa mga suhut na nakuha kahit maliit lamang ang suhut na nakuha. Hindi dapat maging makasarili sa mga nakuhang suhut dahil sa paniniwalang magiging makasarili rin ang dagat sa susunod na pamukad. Palaging ipinapaalala ng mga nakatatanda na kailangang maging mapagbigay. Ang mga nanagbo na nagdadala ng mga ambag ay binibigyan din ng kaunting parte ng isda na nakuha ng mga namukad. Ito ang tinatawag na pagbibigay ng *bahin*. Ang mga natirang isda mula sa pagdiriwang at pagbibigay ng bahin ay hinahati ng mga namukad at naiuuwi sa sariling tahanan. Isa ang *pamukad at panagbo* sa

mahahalagang pangkabuhayan at pagdiriwang na talagang ipinagmamalaki ng mga Oslobanon. Sa kasalukuyan, kaunti na lamang ang may kaalaman sa kaugalian at paggawa ng bubo.

**TERMINOLOHIYANG GINAMIT SA MGA
PILING RITUWAL OSLOBANON**

Ang mga sumusunod na salita at pahayag ay mga terminong Bisaya na ginamit sa mga piling rituwal ng Oslob. Inilalahad dito ang kahulugan ng mga terminong ito upang mas lalong maunawaan at mabigyang-linaw ang nais ipahiwatig ng rituwal.

BALANSE	• <i>Abis</i>	- tumutukoy sa paghiwa ng <i>bulok</i>
	• <i>Aligre</i>	- ang pagiging masaya ng lahat
	• <i>Babel</i>	- ang paghihirap sa pagdadala ng maraming bagay
	• <i>Bahalina</i>	- tubang nilagyan ng ' <i>tongog</i> ' na may lasang maasim
	• <i>Balanse</i>	- isang selebrasyon na ang utang ay kailangang bayaran sa pinag-utangang tindahan; at ang pagtanggap ng pera dahil sa araw-araw na <i>bubu</i> ng <i>tuba</i>
	• <i>Bol</i>	- tumutukoy sa isang lalagyan na pinagsusukat ng laman ng <i>tuba</i> ; mas kaunti sa litro
	• <i>Bùbù</i>	- tumutukoy sa tuba na gustong ibenta sa tubaan na sinusukat sa pamamagitan ng <i>bol</i>

BALANSE	• <i>Bulok</i>	- isang bahagi ng niyog na labasan ng <i>tuba</i> na nilalagyan ng <i>sanggab</i>
	• <i>Hipihip</i>	- tumutukoy sa pagkapuno ng <i>bol</i> ng <i>tuba</i> na parang aapaw
	• <i>Kangga</i>	- isang larong lansangan na gumagamit ng mga malalapad na bato na inihahagis sa mga pirasong goma ng tsinelas
	• <i>Kubra</i>	- ang pagkobra ng salapi ng ' <i>balanse</i> '
	• <i>Lalom liog</i>	- <i>ibabang leeg</i> ; ang marka sa <i>bol</i> na hindi masyadong puno o <i>hipihip</i>
	• <i>Mag-alatang</i>	- ang nagbabantay sa ' <i>tubaan</i> '
	• <i>Maghiluka</i>	- ang nararamdamang pagkaantok ng mga lasing
	• <i>Pananggot</i>	- tawag sa pagkuha ng <i>tuba</i> sa puno ng niyog
	• <i>Resibo</i>	- listahan ng utang na kailangang bayaran
	• <i>Sanggab</i>	- isang lalagyan na ikinakabit sa <i>bulok</i> na gawa sa putol na kawayan upang saluhin ang mga patak ng <i>tuba</i>
	• <i>Sanggot</i>	- <i>karit</i> ; isang mahabang sandatang nakaarko ang porma na ginagamit sa <i>pananggot</i>
	• <i>Sanggutan</i>	- tumutukoy sa mga niyog na kinukuhaan ng <i>tuba</i>

BALANSE	• <i>Shating</i>	- <i>shooting</i> ; isang larong ginagamitan ng basketbol
	• <i>Sugung</i>	- isang mahabang paglalagyan ng tuba na mas mahaba pa sa <i>sanggab</i> na gawa rin sa kawayan
	• <i>Suka</i>	- tubang napakaasim na masyadong natagalan sa pagkakaimbak
	• <i>Sukli</i>	- ang tubang ibinabalik sa may-ari dahil hindi naibenta noong nakaraang araw
	• <i>Takalan</i>	- isang malaking <i>container</i> o lalagyan na may salaan na paglalagyan ng tuba
	• <i>Tongog</i>	- inihahalo sa tuba upang maging kulay pula o dalandan ang tuba
	• <i>Tuba</i>	- inuming mula sa niyog
	• <i>Tubaan</i>	- tindahan ng kumokolekta at nagbebenta ng tuba
UGBOK SA BALAY	• <i>Alayon</i>	- samahan ng magkakaibigan na naging <i>uniyon</i> kalaunan
	• <i>Budlong</i>	- ang gawaing paghuhukay ng lupa sa pamamagitan ng <i>gabang</i>
	• <i>Bulan saingin/Daktol</i>	- <i>full moon</i> ; kabilugan ng buwan
	• <i>Dahon sa Pitugo</i>	- dahon na ginagamit sa <i>Palm Sunday</i> na may bendita
	• <i>Dalo-dalo sa tubig</i>	- mga luntiang tumutubo sa bato na nadadaluyan ng tubig

UGBOK SA BALAY	• <i>Gabang</i>	- isang uri ng kagamitang panghardin na panghukay na gawa sa bakal na may mahabang katawan at may matulis na dulo
	• <i>Habol-habol sa dagat</i>	- isang uri ng halamang dagat na kulay luntian
	• <i>Mamunglay</i>	- isang gawaing pagbubunot ng mga damo sa sakahan gamit ang <i>bunglay</i>
	• <i>Pagtapun</i>	- paglipat sa bagong itinatayong bahay
	• <i>Palapad</i>	- makalumang dingding na gawa sa dahon ng niyog na inayos sa paraang mala-banig
	• <i>Petsa na pares</i>	- petsa sa kalendaryo (2, 4, 6, 8, 10 ...)
	• <i>Salog</i>	- sahig na gawa sa kawayan
	• <i>Suhol</i>	- suweldo
	• <i>Timu</i>	- <i>snack</i> tuwing alas nuwebe ng umaga at alas kuwatro ng hapon
	• <i>Tugas</i>	- isang uri ng puno na may matigas na kahoy na magandang gamitin bilang haligi ng bahay
	• <i>Ugbok</i>	- ang paglagay ng pundasyon ng bahay
	• <i>Wala man gud pangadyi!</i>	- <i>wala kasing dasal!</i> ; ekspresyon ng mga nakatatanda kung bakit magulo ang pamumuhay

PUSTAANAY SA BATA	• <i>Alirong</i>	- pinapalibutan
	• <i>Buhi'g pusta</i>	- ang pagtupad sa pagpusta ng bata
	• <i>Bunglay</i>	- isang kasangkapang panghardin na ginagamit sa pagbubunot ng mga damo sa sakahan
	• <i>Dakol lata</i>	- pagtatambol ng Lata; isang uri ng libangan na nagtatambol ng lata sa selebrasyon
	• <i>Garapon</i>	- lalagyan/ <i>container</i> na walang laman na gawa sa salamin/ <i>glass</i> ; kadalasan mula sa pinaglagyan ng mga kape o gatas.
	• <i>Guba ng nawong</i>	- <i>pangit ang mukha o pagbabago ng mukha</i> ; tumutukoy sa mukha ng buntis
	• <i>Ikaw pagbinuutan</i>	- <i>Ika'y maging mabait</i> ; ang kadalasang maririnig na payo ng mga nakilahok sa pustahan
	• <i>Ikaw unta mag pari!</i>	- <i>Sana, ikaw ay magpari</i> ; kadalasang maririnig na pangarap ng mga nakilahok sa pusta kapag ang bata ay lalaki
	• <i>Libod</i>	- paraang paikot ang direksyon
	• <i>Lutu</i>	- tumutukoy sa kaning mais
	• <i>Saad</i>	- pangako
	• <i>Sangku</i>	- tuktok; umabot sa dulo

PUSTAANAY SA BATA	• <i>Siya mapiskay!</i>	- <i>Siya ay maging malusog!</i> ; ang palaging hiling ng mga nakilahok sa pusta
	• <i>Tiyan talinis</i>	- <i>matulis ang tiyan</i> ; tinutukoy nito ang tiyan ng buntis
	• <i>Tumanon</i>	- pagtupad sa pangako
	• <i>Way punga punga, yaruk!</i>	- walang tigil sa pag-inom, ubusin lahat
	• <i>Wish</i>	- hiling o pangarap para sa bata
PAMUGAS UG PAMUPO	• <i>1,2,3</i>	- isang brand ng <i>pesticide</i> na inihahalo sa mga binhi
	• <i>Alangitngit</i>	- isang uri ng halaman na inihahalo ang dahon nito sa mga binhing itatanim
	• <i>Alat</i>	- isang malaking buslo o lalagyan na gawa sa balat ng kawayan na kinakarga ng mga magsasaka upang magiging lagayan ng mga puso ng mais.
	• <i>Alawiswis</i>	- ang panggitna hanggang dulo ng dahon ng niyog
	• <i>Ananag/Anag</i>	- iniihaw na mais
	• <i>Balyanan sa tagimtim</i>	- isang uri ng <i>shell</i> na kulay puti makukuha sa dagat na dikit-dikit sa isa't isa
	• <i>Banay</i>	- ang nagsisilbing bulaklak ng mais na makikita sa tuktok ng halaman

PAMUGAS UG PAMUPO	• <i>Banig</i>	- ginagamit sa pagtulog na inilalatag sa sahig
	• <i>Bargas</i>	- makabagong pang-araro na gawa sa bakal
	• <i>Baul</i>	- sakahan o bukid
	• <i>Binhi</i>	- tumutukoy sa mga buto ng mais at mani na handa nang itanim
	• <i>Buhok-buhok</i>	- yaong parang buhok na makikita sa puso ng mais
	• <i>Dahon buta buta</i>	- dahon ng punong Buta-Buta
	• <i>Dahon suwa</i>	- dahon ng suha
	• <i>Dahon tulog tulog</i>	- isang uri ng halaman na may bunga na maliliit na kulay pula
	• <i>Dangan</i>	- tawag sa mga pesteng kumakain ng <i>binhi</i>
	• <i>Daro</i>	- araro
	• <i>Gasikbit</i>	- katabi
	• <i>Gikan's pagka init</i>	- mula sa panahon ng tag-init
	• <i>Hunas</i>	- tumutukoy sa mga <i>shell</i> na makukuha sa dagat.
	• <i>Hunasan</i>	- tumutukoy sa tubig ng dagat na mababa
	• <i>Kakha</i>	- ang pagtuka ng mga manok o ibon sa <i>pugas</i>

PAMUGAS UG PAMUPO	• <i>Kamalig</i>	- kubo kung saan ilalagay ang mga ani
	• <i>Kasadpan</i>	- kanluran
	• <i>Kasya</i>	- ang lupid/ pisi na nag-uugnay sa <i>daro</i> at <i>yogo</i> na ikinakabit sa baka.
	• <i>Kilum-kilum</i>	- dapit-hapon
	• <i>Lugas</i>	- butil ng binhi
	• <i>Pakaw</i>	- matigas na bahagi sa gitna ng mais
	• <i>Palid-palid</i>	- pasayaw-sayaw ng mga halamang mais kapag hinahangin
	• <i>Palihi</i>	- mga paniniwala
	• <i>Panu-ig</i>	- panahon sa pagtatanim ng mais at nangyayari ito sa katapusan ng buwan ng Mayo o pagsisimula ng buwan sa Hunyo
	• <i>Pugas</i>	- tawag sa pagtatanim ng mga binhi
	• <i>Pugi-an</i>	- paunang pagtatanim ng binhi bilang palihi
	• <i>Punaan</i>	- pagtatanim muli ng binhi sa lugar ng unang pinagtamnan sa kadahilanang hindi tumubo o tinuka ng manok
	• <i>Pupo</i>	- pag-aani ng mais
	• <i>Puso</i>	- puso ng mais

PAMUGAS UG PAMUPO	• <i>Sanggab</i>	- lalagyan ng mga binhi na gawa sa kawayan na itinatali sa baywang
	• <i>Sinakuan</i>	- tawag sa taong makasarili sa pagbibigay
	• <i>Sinun-ad/ Sun ad</i>	- ang pagpapakulo ng mais; paraan ng pagluluto ng buong mais at kinakain nang diretso pagkatapos.
	• <i>Tagutlog- buok</i>	- tatlong piraso; ang piraso ng binhi na itinanim sa isang lugar
	• <i>Tikling</i>	- isang uri ng ibon na tumutuka sa mga binhi
	• <i>Tudling</i>	- ang linyang pagtatamnan na dinaanan ng araro na may layong isang piye o talampakan ang bawat isa.
	• <i>Tukmo</i>	- isang uri rin ng ibon na tumutuka ng binhi
	• <i>Tulo buko</i>	- ang tawag sa mais na tumutubo na hanggang baywang
	• <i>Ubak</i>	- ang balat na magaspang na nakabalot sa puso ng saging
	• <i>Ulilang</i>	- panahon sa pagtanim ng mais at nangyayari ito sa buwan ng Nobyembre
	• <i>Ungod sa bulan</i>	- <i>pagdedepende sa buwan</i> ; ang tamang pagpili ng posisyon ng buwan sa pagtanim
	• <i>Usa ka lakang</i>	- <i>isang hakbang</i> ; ang tamang distansya sa pagtanim ng binhi

PAMUGAS UG PAMUPO	• <i>Yogo</i>	- tawag sa kahoy na pormang ‘U’ na nakakabit sa batok ng baka na bahagi ng araro
PAMUKAD UG PANAGBO	• <i>Ariya</i>	- ang paghulog o paglagay ng bubo sa dagat
	• <i>Ayaw pagdinalo!</i>	- <i>Huwag maging makasarili!</i> ; tumutukoy sa pagbibigay ng isda
	• <i>Bahin</i>	- ang mga isdang ibinibigay ng mga namukad sa taong nagdala ng kanin o inumin sa Panagbo
	• <i>Bubo</i>	- isang uri ng patibong o hawla ng mga isda na gawa sa kawayan
	• <i>Bukad</i>	- pagkuha ng mga nahuling isda sa bubo.
	• <i>Duaw</i>	- pagbisita o pagtingin muli sa bubo kung may <i>suhut</i>
	• <i>Dungganon</i>	- sinasabing ang mga isda ay madaling makarinig ng kahit ano at sensitibo.
	• <i>Galaw</i>	- bunganga ng ‘ <i>bubo</i> ’ na papasukan ng mga isda
	• <i>Hilawron</i>	- ang pagbabasehan ng palatandaan sa paglagay ng ‘bubo’ sa dagat at ang gabay sa palatandaan nito ay ang simbahan ng Oslob
	• <i>Hingiki</i>	- <i>toothpick</i> / palito
	• <i>Kalampiros</i>	- maliliit na uri ng isda
	• <i>Lawud</i>	- tumutukoy sa malalim na dagat

PAMUKAD UG PANAGBO	• <i>Magsaka ang dagat</i>	- tumutukoy sa pagtaas ng dagat
	• <i>Makasula</i>	- tawag sa isang tao o pamilya na may pang-ulam
	• <i>Managbo/ Tagbo</i>	- sunder; selebrasyon sa baybayin na sinusundo ang mga nahuling isda ng ' <i>pamukad</i> '
	• <i>Nawi</i>	- paggawa ng pabilog na patpat na kawayan bilang pangunahing materyales sa paggawa ng ' <i>bubo</i> '
	• <i>Paaso'g kamangyan</i>	- <i>Pausukan ng Kamangyan</i> ; isa sa mga palihi
	• <i>Palan-an</i>	- ibang katawagan ng ' <i>bubo</i> '
	• <i>Palihi</i>	- paniniwala
	• <i>Panagat sa magbalaul</i>	- <i>Pangingisda sa magsasaka</i> ; tinutukoy nito na ang pamukad ay para sa mga magsasaka na pangingisda at espesyal ito para sa kanila.
	• <i>Pa-on</i>	- pain o patibong
	• <i>Patunga</i>	- pagdiriwang ng unang <i>pamukad</i>
	• <i>Piliw</i>	- hindi pa malalim ang dagat
	• <i>Pugi</i>	- paunang paggawa ng paghahanay ng mga <i>nawing kawayan</i> at <i>sig-id</i> sa paggawa ng <i>bubo</i>
	• <i>Sig-id</i>	- uri ng baging na ginagamit bilang pantali sa mga <i>nawing kawayan</i> ng <i>bubo</i>

PAMUKAD UG PANAGBO	• <i>Sinapsap</i>	- ang mga natitirang piraso ng kawayan na ginawang <i>nawi</i>
	• <i>Sowa ng Manok</i>	- ang tunog sa pagpapaalis ng manok (shhh shhhh, suuu!)
	• <i>Suhay</i>	- ang pagkasunod-sunod ng mga <i>nawing</i> kawayan
	• <i>Subut</i>	- ang tawag sa mga nahuling isda sa loob ng <i>bubo</i>
	• <i>Tagik</i>	- ang kabuoang tawag sa pagbuo ng <i>bubo</i> gamit ang mga materyales gaya ng <i>nawing kawayan</i> , <i>sig-id o uway</i> .
	• <i>Timpo</i>	- panahon
	• <i>Tulungdon</i>	- ang pagbabasehan ng palatandaan sa paglagay ng ' <i>bubo</i> ' sa dagat at ang gabay nito ay ang anomang maaaring palatandaan sa harapan;
	• <i>Ungod sa oras</i>	- <i>depende sa oras</i> ;
	• <i>Uway</i>	- isa ring uri ng baging na ginagamit bilang pantali sa <i>nawing kawayan</i>
	• <i>Yamyam</i>	- pabulong na sinasambit

KONGKLUSYON

Ang mga piling rituwal Oslobanon ay kakikitaan ng mga sistema at natatanging terminolohiya na bahagi na ng pagkakakilanlan ng kultura ng lugar. Inilalahad sa

mga sistema ang paghahanda, araw ng pagsasagawa ng rituwal, at pagpapatuloy sa mga hakbangin pagkatapos isagawa ang rituwal. Inilahad din ang kahalagahan ng mga natatanging terminolohiya at kahulugan nito upang mas lalong maunawaan ang mga piling rituwal Oslobanon.

Mahalaga ang pagpepreserba at pagpapayaman ng mga ito sa pagpapanatili ng kulturang Oslobanon at pagpapatuloy sa mga susunod na henerasyon. Sa pagpapatuloy ng hamon ng pagbabago, inaasahang makagagawa ng mga hakbangin at proyekto tungkol dito ang Lungsod ng Oslob, Cebu partikular sa mga rituwal nito upang hindi tuluyang mawala at mabaon sa limot.

NOTES

- 1 Nick Joaquin, *Culture and History* (Pasig City: Anvil Publishing Incorporated, Pasig City, 2004), 394-395.
- 2 Paul Gerschwiler, *Bolhoon: A Cultural Sketch* (Cebu City: Sam Printing Press, 2009), 148- 149.
- 3 Klaus Krippendorff, "Content Analysis," in *International Encyclopedia of Communication*, eds. E. Barnouw, G. Gerbner, W. Schramm, T. L. Worth, & L. Gross, 12 vols. (New York: Oxford University Press, 1989), 1: 403-407.
- 4 Karl Polanyi, *The Livelihood of Man*. (New York: Academic Press, 1997), 7-8.
- 5 Evelyn Miranda-Feliciano, *Filipino Values and Our Christian Faith*. (Manila: OMF Literature, Inc, 1990). 5-6.
- 6 Isamu Bautista, "A Survey of Early Mission Work: Focus on the American Baptist Experience from 1899-1935." *Conversion to*

- Protestant Christianity Under Early American Rule.* (Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2001), 6-7.
- 7 Isamu Saito, Taiko Imamura, and Mariko Miyagi. *Filipino Personality Traits and Values for Social Support: OFW as human resources for work-life balance in Japan.* (Tokyo: Rissho University Institutional Repository, 2010), 8-9.
 - 8 Mga panayam mula kay Arnulfo Ebar Langahid ukol sa pagtatanim ng mais (pamugas ug pamupo) at pangingisda (pamukad at panagbo). Siya ay isang magsasaka at mangingisda.
 - 9 Ibid.
 - 10 Kanya Wattanagun, *The Phenomenology of Supernatural Belief: The Ravenous Spirit (phii pob) Belief Tradition in Contemporary Northeast Thailand.* (Nagoya: Asian Ethnology, Nanzan University Anthropological Institute, 2018), 79–97.

REFERENCES

- Bautista, Isamu. "A Survey of Early Mission Work: Focus on the American Baptist Experience from 1899-1935." *Conversion to Protestant Christianity Under Early American Rule.* Quezon City: Institute for Studies in Asian Church and Culture, 2001.
- Feliciano, Evelyn M. *Filipino Values and Our Christian Faith.* Manila: OMF Literature, Inc., 1990.
- Gerschwiler, Paul. *Bolhoon: A Cultural Sketch.* Cebu City: Sam Printing Press, 2009.
- Joaquin, Nick. *Culture and History.* Pasig City: Anvil Publishing Incorporated, 2004.
- Krippendorff, Klaus. *Content Analysis.* In E. Barnouw, G. Gerbner, W. Schramm, T. L. Worth, & L. Gross, eds., *International Encyclopedia of Communication*, 12 vols. New York: Oxford University Press, 1989.

Polanyi, Karl. *The Livelihood of Man*. New York: Academic Press, 1997.

Saito, Isamu et.al. *Filipino Personality Traits and Values for Social Support: OFW as human resources for work-life balance in Japan*. Tokyo: Rissho University Institutional Repository, 2010.

Wattanagun, Kanya. *The Phenomenology of Supernatural Belief: The Ravenous Spirit (phii pob) Belief Tradition in Contemporary Northeast Thailand*. Nagoya: Asian Ethnology, Nanzan University Anthropological Institute, 2018.